# Allāhumma ghfir liḥayyinā wa mayyitinā, wa shāhidinā wa ghā’ibinā, wa saghīrinā wa kabīrinā, wa dhakarinā wa unthānā. Allāhumma man aḥyaytahu minnā fa’aḥyihi `ala l’islām, wa man tawaffaytahu minnā fatawwaffahu `ala l’īmān. Allāhumma lā taḥrimnā ajrahu, wa lā tuḍillanā ba`dah. (O Allāh, patawarin Mo ang nabubuhay pa sa amin at ang namatay na sa amin, ang naririto ngayon sa amin at ang wala ngayon sa amin, ang bata sa amin at ang matanda sa amin, ang lalaki sa amin at ang babae sa amin. O Allāh, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo siya sa Islām at ang sinumang babawian Mo sa amin ng buhay ay bawian Mo ng buhay na nasa pananampalataya. O Allāh, huwag Mong ipagkait sa amin ang kabayaran [sa pagtitiis] para sa kanya at huwag Mo kaming ipaligaw ngayong wala na siya.)

Ayon kina Abū Hurayrah, Abū Qatādah, at Ibrāhīm Al-Ashhalīy, ayon sa ama nito - ang ama nito ay kasamahan - malugod si Allāh sa kanila, ayon sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan: Nagdasal ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, para sa libing at nagsabi: "Allāhumma ghfir liḥayyinā wa mayyitinā, wa shāhidinā wa ghā’ibinā, wa saghīrinā wa kabīrinā, wa dhakarinā wa unthānā. Allāhumma man aḥyaytahu minnā fa’aḥyihi `ala l’islām, wa man tawaffaytahu minnā fatawwaffahu `ala - l’īmān. Allāhumma lā taḥrimnā ajrahu, wa lā tuḍillanā ba`dah. (O Allāh, patawarin Mo ang nabubuhay pa sa amin at ang namatay na sa amin, ang naririto ngayon sa amin at ang wala ngayon sa amin, ang bata sa amin at ang matanda sa amin, ang lalaki sa amin at ang babae sa amin. O Allāh, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo siya sa Islām at ang sinumang babawian Mo sa amin ng buhay ay bawian Mo ng buhay na nasa pananampalataya. O Allāh, huwag Mong ipagkait sa amin ang kabayaran

[sa pagtitiis] para sa kanya at huwag Mo kaming ipaligaw ngayong wala na siya.)"
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagdasal noon para sa libing. Sinabi niya ang kahuluan nito: "O Allāh, patawarin Mo ang lahat ng mga nabubuhay pa sa amin at ng mga namatay na sa amin na pulutong ng mga Muslim, ang nakababata sa amin at ang nakatatanda sa amin, ang lalaki sa amin at ang babae sa amin, ang naririto ngayon sa amin at ang wala ngayon sa amin. O Allāh, ang hinayaan Mo pang mabuhay sa amin ay pamuhayin Mo siya sa pagsunod sa mga batas ng Islām at ang sinumang babawian Mo sa amin ng buhay ay bawian Mo ng buhay na nasa pananampalataya. O Allāh, huwag Mong ipagkait sa amin ang kabayaran [sa pagtitiis] ng kasawian dahil sa kanya at huwag Mo kaming ipaligaw kapag wala na siya."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5021

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee